*Republic of the Philippines*
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region ___
Division of _____

**Unang Markahang Pagsusulit**

**Filipino VI**

**Pangalan: ________________________________________ Petsa:__________**

**Paaralan:__________________________________________Marka: __________**

**I. A. Suriin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit ayon sa gamit nito sa pangungusap. Isulat ang titik nang wastong sagot.**

_____1. Isang **marangyang** karwahe na hila ng apat na kabayo ang sinakyan ng prinsipe.

a. Mabango b. magara c. marangal d. mabilis

_____2. Masasarap na pagkain ang inihanda sa **piging** para sa kanyang kaarawan.
a. Piknik b. handaan c. hapunan d. panauhin

______3. Laganap na ang **kriminalidad** sa ating bansa.

a. Kasaganaan b. kabutihan c. kasamaan d. kalungkutan

______4. Ang **karukhaan** ay hindi hadlang sa pag-aaral.

a. Katamaran b. kahirapan c. kayamanan d.kasipagan

**B. Alin ang kasalungat ng salitang may salungguhit?**

______5. Siya ay **mabilis** pa rin kung kumilos.

a. Mabagal b. matulin c. malakas d. maliksi

______6. Payat at **matangkad** si Roy.

a. Mababa b. mataba c. mataas d. pandak

______7. Ang mga prutas ay **masustansiya** at masarap.

a. Sagana b. matamis c. malinamnam d. walang lasa

______8. **Nilustay** ng anak ang perang matagal na panahong inipon ng kanyang magulang.

a. Itinago b. tinipon c. inubos d. hiniram

**C. Tukuyin kung anong uri ng pangungusap ang mga sumusunod.**

**A. Pasalaysay B. Pautos C. Patanong D. Padamdam**

______9. Naku! Nahulog ang bata!

______10. Nagsasanay sa pagtula ang mga mag-aaral.

______11. Yehee! Nanalo ako sa paligsahan!

______12. Kailan mo ba ibabalik ang payong ko?

______13.Pakitupi ang mga damit na nasa sampayan.

______14. Alin ang simuno sa pangungusap? Nakaligtas ang bagong piloto.
a. Nakaligtas b. ang bagong c. bagong d. piloto

______15. Sa Laguna nagtatanim ang mga magsasaka. Alin ang buong simuno?

a. Ang mga magsasaka b. sa laguna c. nagtatanimd d. Sa Laguna nagtatanim

______16. Si Aling Rosa ay naglalaba sa ilog. Alin ang buong panaguri?

a. Si b. Aling Rosa c. ay naglalaba sa ilog d. sa ilog

**D. Suriin at isulat ang K kung karaniwan at DK kung di-karaniwan ang ayos ng mga pangungusap.**

________17.  Si Jose Rizal ay dakilang bayani.

________18. Magaling lumangoy ang manlalaro.

________19. Masipag ang batang ito.

________20. Sila ay nagpupumilit na sumapi.

________21. Mabilis tumakbo ang alaga ko.

**E. Uriin at isulat sa patlang kung pantangi o pambalana ang pangngalang may salungguhit  sa bawat pangungusap.**

________22. Sumama sa parada ang mga mag-aaral sa **Barangay Mabuhay**.

________23. May dala-dala silang **poster.**

________24. Ang pinag-uusapan ay tungkol sa **"Linis-Tanim Project".**

________25. Kasama ang mga **guro** at Kapitan Cruz sa parada.

**F. Tukuyin ang mga pangngalang pambalana kung Konkreto, Di-konkreto 0 Lansakan.**

________26. **Pag-ibig** ang nag-bibigkis sa mag-anak.

________27. **Kalayaan** ang ipinaglaban ng mga bayani.

________28. Napakagarang manamit ni **ate.**

________29. Isang **tropa** ng sundalo ang nakipaglaban.

________30. Magkano ang tatlong tumpok na **kamatis**?

**G. Tukuyin kung nasa anong kayarian ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang letrang P- kung Payak, T- kung Tambalan, at H- kung Hugnayan.**

_______ 31. Nag-aawitan ang mga pasahero habang kumakain ang drayber.

_______32. Sasama ako sa iyo kung ililibre mo ako.

_______33. Kapag uulan mamayang hapon, liliban ako sa klase.

_______34. Papasok si ate sa trabaho.

_______35. Nakiisa at tumulong ang lahat sa mga proyekto ng barangay.

_______36. Ang kanyang aklat na bago ay nawala.

**II. Aling katangian ng tauhan ang inilalarawan ayon sa sinabi. Piliin ang sagot sa kahon.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **masungit** | **makasarili** | **mapagpakumbaba** | **may pananalig sa Diyos** |
| | **masunurin** | | |

_______37. "Wala akong magagawa para sa iyo."

_______38. "May malaki akong pagkukulang sa iyo."

_______39. "Opo, Inay, tatandaan ko lahat ang mga bilin niyo."

_______40. “Panginoon, alam ko pong hindi ninyo kami pababayaan.”

_______41. “Lumayas kayo! di ko kayo kailangan.

**II. Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong na kasunod. Isulat ang titik ng tamang sagot.**

**Patuloy ang paglala ng polusyon sa ating ilog at dagat. Ang dating malinaw na ilog Pasig ay puno na ng marumi at maitim na putik. Wala ng isda o anumang hayop sa tubig na maaring mabuhay sa ilog na ito. Ito’y sanhi ng pagtatapon ng mga basura sa ating karagatan.**

_______42. Ano ang nangyari sa ating mga ilog at dagat?

a. lumalala ang polusyon b. maraming isda ang nahuli

c. mabaho ang ilog d. masagana ang ilog

_______43. Bakit kaya naging marumi ang ating mga ilog at dagat.

a. pinaliliguan b. tinatapunan ng basura

b. c. dahil sa pangingisda d. marumi at maitim na putik

_______44. Paano masugpo ang paglala ng polusyon sa ating ilog at dagat?

a. Iwasan ang pagtapon ng basura.
b. Huwag padaanin ang mga sasakyang dagat.
c. Ipagbawal ang pangingisda sa dagat.
d. Maligo araw-araw sa ilog at dagat.

_______45. Alin ang pinakaangkop na paksa ng talata?

a. Ang Ilog Pasig
b. Polusyon sa Ilog at Dagat
c. Pagtatapon ng Basura sa Karagatan
d. Sanhi ng Pagtatapon ng basura

**III. 46-50. Sumulat ng isang patalastas tungkol sa paghihikayat sa kapwa mo mag-aaral na pangalagaan ang kalikasan. 5 puntos.**

**Talahanayan ng Ispisipikasyon sa Filipino 6**
**(Unang markahang Pagsusulit)**

| Mga Kasanayan/Layunin | Bilang ng Aytem | Kaalaman at Pag-unawa Easy-60% | Analisis at Aplikasyon Average 30 | Sinteses o Ebalwasyon Difficult 10% | Bahagdan 100% |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Naibibigay ang Kasingkahulugan at kasalungat ng salita sa pamamagitan ng gamit nito sa pangungusap. | 8 | | 1,2,3,4,5,6,7,8 | | 16% |
| 2. Nagagamit sa pagpapahayag ng kaisipan ang ibat-ibang uri ng pangungusap. | 5 | 9,10,11,12,13 | | | 10% |
| 3. Natutukoy ang mga bahagi ng pangungusap. | 3 | 14,15,16 | | | 6% |
| 4. Nakikilala ang anyo ng pangungusap. | 5 | 17,18,19,20,2 1 | | | 10% |
| 5. Nauuri at nagagamit ng wasto ang mga pangngalan sa paglalahad bilang pantangi; pambalana, konkreto, di-konkreto o lansakan. | 9 | 22,23,24,25,2 6 27,28,29,30 | | | 18% |
| 6. Nakikilala ang uri ng mga pangungusap ayon sa kayarian. | 6 | 31,32,33,34,3 5 36 | | | 12% |
| 7. Nailalarawan ang katangian ng tauhan batay sa kanyang pananalita o pagkilos. | 5 | | 37,38,39,40,4 1 | | 10% |
| 8. Naibibigay ang mahahalagang impormasyon at pangunahing diwa mula sa seleksyong binasa. | 4 | 42,43,44,45 | | | 8% |
| 9. Nakasusulat ng wasto ng isang patalastas o anunsyo. | 5 | | | 46,47,48,49,5 0 | 10% |
| 10. Kabuuan | 50 | 33 | 17 | 10 | 100% |